

August 08

"*Dominus Canis*"

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, bago po isinilang si Santo Domingo, ang kanyang ina na si Joanna ng Az, ay nagkaroon ng panaginip. Ito ay isang panaginip na tungkol sa isang aso na mayroon kagat-kagat na sulo sa kanyang bibig.

At ito ay ang buod ng buhay ng ating mahal na patron, Santo Domingo. Sa pagtatatag niya ng *Order Predicatorum* o kaya ang *Order of the Preachers*, na kilalang-kilala bilang mga Dominicans. Sila ay tunay nga na nagbibigay ng liwanag sa buong mundo sa pamamagitan ng kanilang pagtuturo at pamimintuhan sa Santo Rosario.

At bilang *Dominicans* na hango sa kanyang pangalan *Domingo* ay nangangahulugan din bilang "*Dominus canis*" na ang ibig sabihin ay aso ng Panginoon.

Bilang aso ay nagsasaad ng katapatan at pagsunod. Si Santo Domingo at ang kanyang itinatag na *Order of the Preachers* o mga *Dominicans* ay tapat sa mga aral at salita ni Jesus. Sila ay tumutugon, sumusunod sa mga utos ni Jesus.

Ngayon po, mga kapatid, sa kapistahan ng ating mahal na patron, Santo Domingo, dalawang katangian na nararapat nating tandaan at isasabuhay. Ano po ito?

Tayo ay kasangkapan ng Diyos Tayo ay nararapat magbigay liwanag sa ating kapwa

Una. Mayroon dahilan po kung bakit ka naririto sa lupa, dito sa Bataan, at dito sa Abucay. Hindi tsamba, at hindi rin aksidente kung bakit ka naririto at kung ano ang nakamit mo. Mayroon pong ibibigay sa iyo ang Panginoong Diyos. Mayroon po Siyang pinagagawa sa iyo na tanging ikaw lamang ang makakatupad.

Samakatuwid kailangan tayo ng Diyos. At tayo ay Kanyang kasangkapan dito sa lupa. Tayo ay Kanyang kinatawan, mga katuwang upang iparating at ipadama natin sa iba ang pagmamahal, ang pagpapatawad at ang pagliligtas ng Diyos.

At tandaan po natin na kapag mayroon ipinagagawa ang Panginoong Diyos sa atin, titiyakin po Niya na ito ay ating magagampanan, na tayo po ay magtatagumpay. Sa mga tungkuling ipinagkatiwala ng Diyos sa atin, titiyakin na ikaw at ako ay bibigyan Niya ng mga nauukol na kagalingan, katalinuhan at kalusugan. Tayo po ay sadya Niyang gagabayan at susubaybayan.

Kapag mayroon inatang na pasanin ang Diyos sa atin mga balikat, titiyakin ng Diyos na ang ating mga balikat ay matatag at matibay.

Kahit na kapag mayroon hiningi sa atin ang Panginoong Diyos, tiyak rin una Niya tayo na pagkakalooban, pupunuin at bibigyan. Ikaw at ako ay hindi mauubusan, hindi magigipit at higit Niya tayong pagpapalain.

Ikalawa. Mayroon dahilan po kung bakit tayo ay naririto sa lupa, dito sa Bataan, at dito sa Abucay. Ano po ito? Tayo ay liwanag ni Jesus para sa tao. Tayo ay Kanyang liwanag dito sa daigdig na ito.

Kung atin pong iisipin ng mabuti. Ang ating daigdig ay dumidilim dahil sa maling pagtuturo, dahil sa hindi totoong balita, dahil sa masamang paniniwala. Ang atin ding daigdig ay nanlalamig dahil sa manhid na pakikitungo sa ating kapwa at kulang na pagtanggap sa kalooban at kautusan ng Diyos. Marami rin ang lumalayo at hindi na kumikilala sa Kanya.

Kaya naman katulad po ng ating mahal na patron, Santo Domingo, tayo ay nararapat humahanap at humaharap sa kanila. Tayo na ang magdala ng liwanag ni Jesus sa kanila. Bilang liwanag ni Jesus tayo ay tatanglaw sa kanila upang matagpuan nila at tahakin muli ang landas patungo sa Diyos Ama. Tayo na ang gagabay sa kanila upang hindi na sila malihis pa ng daan o mahulog pa sa kahihyan at kasalanan. Kagaya na liwanag ni Jesus, tayo ang magbibigay ng init sa kanilang naglalamig na pananampalataya, at maranasan ang init ng pagmamahal at pagpapatawad ng Diyos sa kanila.

Isang kilalang Dominikanong *historian* noong ikalabingpitong siglo si Padre Juan Peguero. Siya ay nagpatotoo sa kanyang mga kapwa Dominikanong misyonero tungkol sa mga mamamayan ng Abucay. Ano'ang kanyang isinulat tungkol sa inyong mga ninuno?

Ayon sa kanyang karanasan at nasaksihan ang mga taga-Abucay ay "*ay naging mabubuting Kristiyano, na magmamahal sa kapayapaan at may natatanging kagandahang-asal.*"

Mga minamahal kong kapatid, samakatuwid hanggang ngayon sa inyong mga buhay at sa inyong mga bahay naroroon pa rin sa inyo ang liwanag ni Jesus. At kayo ngayon ang magbigay ng liwanag sa iba pa.

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga at CBCP Permanent council member